



Warranty Insurance Coverage para sa Isang Pamilya sa Alberta

Ang Alberta New Home Warranty Program ay ang nangungunang provider ng warranty ng bagong bahay sa Alberta, na tumutulong sa mga may-ari ng bahay na maging ligtas, masaya at secure pagdating sa pagtatayo, pagbili at pagmamay-ari ng bagong bahay.

Nakikipagtulungan kami sa mga napakahusay na kumpanya sa pagtatayo ng bahay sa buong lalawigan, at nandito kami para tulungan kang mapanatiling tumatakbo nang maayos ang iyong bahay. Nakipatulungan sa amin ang gumagawa ng iyong bahay para magbigay ng third-party na warranty insurance coverage sa bagong bahay sa pamamagitan ng aming insurance underwriter, ang The New Home Warranty Insurance (Canada) Corporation.

Ano ang warranty insurance para sa bagong bahay?

Ang warranty para sa bagong bahay ay isang proteksyon ng insurance na produkto na nagbibigay ng proteksyon sa iyong bahay mula sa mga depekto ng materyal, paggawa at istraktura na posibleng magkaroon pagkatapos magsimula ang warranty. Nananatili ang warranty sa bahay, ikaw man ang orihinal na may-ari o kasunod na bibili.

Mandatory ba ang warranty insurance?

Oo – Inaatas ng *New Home Buyer Protection Act (Batas sa Proteksyon ng Bumibili ng Bagong Bahay)* ng Alberta na dapat may warranty insurance coverage ang lahat ng bagong bahay nang isang taon para sa mga materyal at paggawa, dalawang taon para sa mga sistema ng paghahatid at distribusyon, limang taon para sa building envelope (mga materyal na naghihiwalay ng loob at labas ng bahay) at 10 taon para sa mga malaking depekto sa istraktura.



1.800.352.8240 | anhwp.com

Mga Benepisyo ng Warranty Coverage para sa mga May-ari ng Bahay

- ✓ Kumpiyansang alam mo na ang gumagawa ng iyong bahay ay isa sa pinakamahusay sa Alberta.
- ✓ Ginhawa na alam mong protektado ang iyong bagong biling bahay ng isang propesyonal, respetado at tumatagal na provider ng warranty para sa bagong bahay.
- ✓ Mga libreng mapagkukunan ng impormasyon online para tulungan ka sa pangangalaga at pagpapanatili ng iyong bahay, pangasiwaan ang tubig sa ibabaw ng lupa at marami pa!
- ✓ Ligtas na Homeowner Portal para ma-access ang iyong mga policy, impormasyon at mapagkukunan, at para mag-file ng claim.
- ✓ Isang live na tao ang makakausap para tulungan ka sa pamamagitan ng telepono o email para sagutin ang iyong mga tanong.
- ✓ Mga opsyon para sa alternatibong resolusyon gaya ng mediation, isang praktikal at hands-on na pamamaraan sa paglutas ng mga problema.
- ✓ Katiyakan na sumailalim ang gumagawa ng iyong bahay sa mandatoryong edukasyon na partikular sa industriya sa pamamagitan ng Professional Home Builder's Institute para matiyak ang kakayahan, performance, pagsasanay at serbisyo nito.

Mga Detalye ng Warranty Insurance Coverage

Coverage Bago Maging May-ari ng Bahay

OPSYONAL *Insurance Bago Maging May-ari ng Bahay:* Ang Insurance Bago Maging May-ari ng Bahay ay isang kombinasyon ng Deposit Insurance at Home Completion Insurance. Ibig sabihin nito kung hindi susunod ang gumagawa ng bahay sa mga napagkasunduan, protektado ang investment ng bumibili mula sa pagbabayad ng inisyal na deposito sa ilalim ng kasunduan sa pagbili at mag-e-expire ito sa pagsisimula ng pagtatayo ng bahay hanggang sa maximum na \$100,000*.

Nagsisimula ang coverage para sa Home Completion sa pagsisimula ng pagtatayo ng bahay at nag-e-expire ito sa pagsisimula ng warranty hanggang sa maximum na \$100,000.

**Kumpirmahin ang halaga sa gumagawa ng iyong bahay.*

Coverage

1 TAON *Mga Materyal at Paggawa:* Coverage para sa mga depekto sa mga materyal at paggawa na kinabibilangan ng mga bagay na tulad ng sahig, pintura at trim.

2 TAON *Mga Sistema ng Paghahatid at Distribusyon:* Coverage para sa mga depekto sa mga materyal at paggawa na may kaugnayan sa mga sistema ng paghahatid at distribusyon kabilang ang mga sistema ng pampainit, kuryente at mga tubo.

5 TAON *Building Envelope (Mga Materyal na Naghihiwalay ng Loob at Labas ng Bahay):* Coverage para sa mga depekto sa building envelope, na tinutukoy bilang sistema ng mga bahagi na naghihiwalay sa kontroladong hangin sa loob mula sa labas. Halimbawa, bubong at mga dingding sa labas.

OPSYONAL *Karagdagang Building Envelope:* Coverage para sa mga depekto sa building envelope para sa karagdagang dalawang taon.

Ang gumagawa lang ng bahay ang maaaring sumali sa coverage na ito, sa oras ng application.

10 TAON *Kaugnay sa Istruktura:* Coverage para sa mga depekto sa istraktura gaya ng frame at pundasyon.

Para sa mga karagdagang detalye tungkol sa warranty coverage at/o mga limitasyon ng coverage, mangyaring sumangguni sa Home Warranty Insurance Policy ng bahay, o kontakin ang aming team.



1.800.352.8240 | anhwp.com